

ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

RESTITUTION ORDERS (MGA UTOS NG RESTITUSYON)

Ano ang ibig sabihin ng isang restitution order (utos ng restitasyon)?

Kapag may restitution order, kailangang bayaran ng táong nagkakasala ang biktima para sa mga pinansyal na pagkalugi ng biktima dahil sa krimen ng táong nagkakasala. Ang restitution ay maaari lamang iutos para sa mga pagkalugi hanggang sa panahon ng pagsentensiya sa táong nagkakasala. Ito'y bahagi ng sentensiya ng táong nagkakasala at maaari itong maging isang stand-alone order, o bahagi ng isang probation order, o conditional sentence.

Karapatan ng Isang biktima!

Ang *Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)* ay isinabatas noong Hulyo 23, 2015. Ang batas na ito ay nagbibigay sa bawat biktima ng karapatang ipasaalang-alang sa isang hukuman na gumawa ng restitution order kapag pinagpapasiyahan nito ng sentensiya ng táong nagkakasala. Kung hindi babayaran ng táong nagkakasala ang restitution order, ang isang biktima ay mayroon ding karapatang irehistro ang restitution order sa isang sibil na hukuman, at hilinging ipatupad ito bilang isang judgment (paghahatol) sa pamamagitan ng hukumang iyon.

Ang mga gastos na maaaring isakop ng restitution

Ang mga halaga ng restitution ay dapat madaling kalkulahin at dapat hindi isang malaking bagay na pagtutunggalian. Halimbawa, ang nawalang suweldo para sa dalawang linggo dahil sa pinsala na dulot ng pagsalakay ay maaaring patunayan gamit ang pay stubs at absence forms (mula sa trabaho). Ang halagang

gagastusin upang palitan ang items na ninakaw o sinira ay maaaring patunayan gamit ang mga resibo mula sa tindahan, o tantiya ng halaga upang bilhin muli ang items na iyon.

Maaaring mag-utos ng restitution ang isang huwes upang masakop ang mga pinansyal na pagkalugi ng isang biktima hinggil sa:

- Nasira o nawalang ari-arian dahil sa krimen;
- Pinsala sa katawan, o sikolohikal na pinsala, dahil sa krimen; kabilang dito ang nawalang kita o suporta;
- Mga makatwirang gastos para sa temporary housing, paglipat, pagkain, childcare, at transportasyon dahil umalis ang isang asawa, common-law partner (kapareha), anak, o iba pang tao mula sa sambahayan ng táong nagkakasala dahil sa pinsala o pagbabanta ng pinsala mula sa táong nagkakasala.
- Pagtatag muli ng identidad ng isang biktima, o pagwawasto ng credit history o credit rating dahil sa identity theft (may ibang taong gumagamit ng kanyang identidad) o pandaraya;
- Mga gastos na kinailangang bayaran ng mga biktima ng non-consensual (hindi sila sumang-ayon) na paglalathala ng isang intimate na retrato upang mapatanggal ang retratong iyon mula sa Internet o mula sa ibang mga digital network.

Ang restitution ay hindi maaaring iutos para sa pananakit at pagdurusa, emosyonal na paghihirap, o iba pang mga uri ng damages na maaaring asesuhin lamang sa mga sibil na hukuman.

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHANG IMPORMASYON

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG PROTEKSYON

 ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

 ANG KARAPATAN NA HUMINGI NG RESTITUSYON

 ANG KARAPATAN NA MAGREKLAMO

Paano ba binabayaran ang restitution order?

Maaaring utusan ng Hukuman ang táong nagkakasala na diretso nitong bayaran ang restitution sa biktima o sa isang pampublikong awtoridad na nilikha para sa layuning ito. Maaaring utusan ng Hukuman ang táong nagkakasala na bayaran kaagad ang halaga ng restitution, sa itinakdang araw sa utos, o bilang bahagi ng isang payment plan. Maaari rin iutos ng Hukuman na bayaran ang restitution sa mahigit sa isang biktima, at maaari ito magtakda ng priyoridad sa mga biktimang nasa utos.

Kung hindi nabayaran ng isang táong nagkakasala ang restitution order sa araw na itinakda sa utos ng hukuman, o kung hindi tutuparin ng táong nagkakasala ang payment plan, ang biktima ay maaaring mag-file ng utos sa sibil na hukuman, at maaari siyang gumamit ng civil enforcement methods (mga paraan upang magpatupad) para makolekta ang hindi binabayaranang halaga. Ang ilang Victim Services sa ilang provinces at territories ay may inaalok na tulong sa mga biktima upang makolekta nila ang mga hindi binabayaranang restitution orders.

Pagdokumento ng pinansyal na pagkalugi

Mainam para sa mga biktima na simulang idokumento ang kanilang mga pinansyal na pagkalugi sa lalong madaling panahon pagkatapos ng krimen. Makakatulong ito na masigurado na sila'y handang magreport ng kanilang mga pagkalugi kapag sinentensiya ang táong nagkakasala. Ang ilang mga halimbawa ng mga makakatulong na dokumento ay:

- Mga resibo para sa mga nawala o nasirang items;
- Mga invoice;
- Pay stubs na nagdodokumento ng mga nawalang suweldo;
- Absence forms mula sa trabaho kung saan nakasulat ang mga nawalang suweldo;
- Mga singil para sa gastos ng pagpapaayos o pagkuha ng kapalit;
- Mga tantiya ng gastos para sa pagkuha ng kapalit na items (halimbawa, mga ninakaw o sinirang items na kinailangang palitan o pinaayos);
- Anumang ibang mga dokumento na nagpapakita ng pinansyal na pagkalugi dahil sa krimen

Maaaring gamitin ng mga biktima ang Form 34.1 (Statement on Restitution (Pahayag Ukol sa Restitusyon)) upang matulungan silang idokumento ang kanilang mga pinansyal na pagkalugi.

Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang taong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

<http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html>